

Magandang hapon, mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Ang simulan ang isang taon ng pag-aaral nang maayos hangga't maari ay isang malaking hamon. Para sa inyo, ito ay mas mahirap dahil sa mga pangyayari nitong nakaraang apat na linggo o higit pa. Ipinagmamalaki ko ang katatagan ng ating komunidad. Napakaganda ang pagsulong ninyong LAHAT, sa diwa ng pakikipagsamahan, upang tumulong! Puno na naman ang ating mga paaralan at nabuhay muli! Dumating ang ating mga estudyantel at kawani at nakaalis nang ligtas sa ating mga paaralan! Nakita ko ito habang bumibisita ako sa maraming paaralan kahapon. SALAMAT!

Sa sinabi ko na iyan, marami pa tayong gagawin para makabalik tayo sa buong serbisyo ng bus. Maraming mga bagay na natutunan natin kahapon na gumana at hindi gumana. Patuloy naming sinusuri ang lahat ng impormasyon, kabilang ang inyong feedback, at ginagawa ang mga kinakailangang pagpapabuti.

Nasasabik kaming sabihin sa inyo na apat pang mga drayber ang magpapatakbo sa kalye sa susunod na linggo. Dinadala nito ang kabuuang bilang ng mga bagong drayber ng bus sa pito! Ito ay kamangha-manghang balita! Mangyaring malaman na ang mga bagong drayber ng bus ay idinagdag sa mga umiikot na ruta ng bus ayon sa ating mga pryoridad sa pagpapanumbalik ng mga ruta. Ang mga pangunahing pryoridad ay kaligtasan, pangangailangan ng estudyante, at kahusayan. Kapag naibalik na ang isang ruta, direktang makikipag-ugnayan ang ating pangkat sa transportasyon sa ating mga pamilya sa lalong madaling panahon. Ang ating mga pamilya ang ating prayoridad. Huwag sumuko!

Maraming maling impormasyon ang nai-post sa social media. Mangyaring maging maingat kung ano ang inyong ibinabahagi at /o pinapaniwalaan. Ang ating [webpage ng Departamento ng Transportasyon ng bus](#) ay ang pinakamahusay na mapagkukunan ng impormasyon. Mangyaring magpatuloy na tingnan ito araw-araw. Ang [FAQ page](#) ay isang mahusay na mapagkukunan! Anumang mga katanungan o puna, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong indibidwal na paaralan. Sila ay palaging masaya na tumulong.

Patuloy tayong magtulongan. Mayroon tayong pag-asa! Kakayanin at malalampasan natin ito nang magkasama.

Sana'y magkaroon kayo ng magandang katapusan ng linggo! Ito ang simula ng Alaska State Fair! Magkita-kita tayo sa Lunes!

Best,

Dr. Jharrett Bryantt, Ed. D. D.
Superintendente
Anchorage School District